

1

Humahangos si Delia nang sumugod sa bahay ng kaibigang si Amelia nang araw na iyon ng Sabado.

“Amelia?” Kasabay sa pagtawag na iyon ay ang mabibilis na hakbang ni Delia. “Nasaan ka bang babae ka? Amelia!”

“Oy, Rodelia! Ano ba nama’t ke aga-aga’y nambubulahaw ka?” yamot na saad ni Ka Rosing sa kaibigan ng anak nang bumungad ito sa pintuan. “Aba’y natutulog pa ang Ka Ante mo, a?”

“Mano po...” Tila napahiyang inabot ni Delia ang kamay ng may singkuwenta y singko anyos na babae. “Mangyari’y excited akong ibalita kay Amelia ang nasagap ko sa labasan. Pasensya na kayo,” paghingi nito ng paumanhin. “Nagising ho ba si Ka Ante sa lakas ng boses ko?”

“Hindi naman,” sagot ni Ka Rosing. “Pero isang sigaw mo pa’t mapapaangat na ‘yun sa higaan dahil sa gulat.”

Tumawa si Delia.

“O, ano na naman ba ang tsismis na nasagap mo’t hindi ka magkandatuto ng pagtawag sa kaibigan mo?”

“Si Ka Rosing naman! Kelan ba naman kami nagtsismisan ni Amelia? Lahat naman ho ng pinag-uusapan nami’y pawang katotohanan lamang.” Umirap pa ito at ipinukol ang tingin sa

kabila.

“Kuu! Inaryahan mo na naman ako. Naroroon sa likod-bahay si Amelia. Namimitas ng mga gulay na dadalhin niya sa bayan.”

Tumatawa pa ring tumalima si Delia. Naiwan si Ka Rosing na iiling-iling.

Kakanta-kanta pa si Amelia nang lapitan ito nang hindi namamalayan ng kaibigan.

“Hoy!” malakas na sabi nito, sabay sundot sa tagiliran ng nakatalikod na si Amelia. Halos mapaangat ito sa pagkakatalungko dahil sa gulat.

“Ano ka ba namang babae ka?” Biglang tindig si Amelia. “Ilang beses ko bang sasabihin sa ‘yo na huwag na huwag mo akong gugulatin?”

Tumawa si Delia.

“Ano’t napasugod ka? Hindi ka ba nagtinda ngayon ng mga kakanin?” Nagpatuloy si Amelia sa ginagawa.

“Maaga kaming nakaubos ni Nanay. Pinakyaw kasi diyan sa kanto ang tinda naming puto at kutsinta kaya maaga pa’y nakauwi na kami.

“Ano nga ang dahilan at napasugod ka?” muling tanong ni Amelia sa kausap, hindi tumitingin.

Dahil Puso Ang Nag-utos - Angelita Abeledo

Muling tumawa si Delia. Makahulugan. “Naparaan kami kanina sa mansyon ng mga Castillo...” simula nito.

Napatigil si Amelia sa ginagawa. “Ngayon?”

“Darating daw si Carmela bukas! Kaya abalang-abala ang mga katiwala doon sa pagpapaganda sa mansyon!”

Namilog ang mga mata ni Amelia sa katuwaan. “Darating na si Carmela...? Totoo?” hindi makapaniwalang tanong nito.

“Oo sabi, e,” sunud-sunod na tango ni Delia.

Marahang inilapag ni Amelia ang basket na hawak. Bakas sa mukha ang kasiyahan sa balitang narinig.

“Sa wakas! Pagkaraan ng sampung taon, magkikita na rin uli kami ni Carmela.” Tila nangangarap pa itong tumingala sa langit. “Ano na kaya’ng itsura niya ngayon, Delia? Katulad pa rin kaya siya ng dati?”

“Tiyak, maganda pa rin. Laking Amerika, e.”

“Sana’y hindi pa rin siya nagbabago. Sana’y siya pa rin ‘yung dating si Carmela. Mabait, malapit sa amin ni Leandro. Katulad noong mga bata pa lang kami.”

Biglang lumungkot si Delia. “Ngayong darating na ang kaibigan mo, etsa-puwera na ako?”

Niyakap ni Amelia ang kaibigan. “Aba, siyempre hindi! Sino naman ang may sabi sa ‘yo?’”

Kumalas sa pagkakayakap si Amelia.

“Kahit dumating pa si Carmela, magkaibigan pa rin tayo. Hindi pa rin ako magbabago sa ‘yo. Puwede ba naman iyon? E di nagalit sa akin si Leandro. Ang bigat ‘ata ng naging papel mo sa buhay naming dalawa, ba!”

“Dahil ako ang naging tulay n’yo?”

“Oo naman. Hindi ko makakalimutan ‘yun. At ikaw pa rin ang magiging maid of honor ko sa kasal namin!”

“Talaga? Walang stir?”

Tumango si Amelia. “Promise.” Itinaas pa nito ang kanang kamay, sabay kindat sa kaibigan.

Nagtawanan sila.

“Matutuwa ring tiyak si Leandro kapag nalaman niya na darating na ang kababata namin.” Bakas sa pananalita ni Amelia ang pananabik.

“Alam na po niya, ano?” sagot naman ni Delia. “Kung hindi ako nagkakamali’y siya ‘yung natanaw ko kanina na nakikitulong-tulong sa paglilinis ng malaking bahay.”

Napamaang si Amelia.

“Si Leandro pa ba naman ang mahuhuli sa balita?” dugtong pa ni Delia.

Biglang napalis ang ngiti sa labi ni Amelia. Diyata't hindi man lamang siya inabisuhan ng nobyo tungkol sa pagdating ni Carmela? Kay Delia pa niya nalaman ang lahat? At ni hindi man lamang ito nagsabi sa kanya tungkol sa pagtulong nito sa paglilinis ng mansyon ng mga Castillo? Pakiramdam niya'y binale-wala siya ni Leandro.

Ngunit saglit lang ang alalahaning iyon.

Siya na rin ang nagpalis ng mga bagay na iyon sa kanyang isipan. *Hindi naman siguro*, aniya sa sarili.

Maaaring nakaligtaan lang siyang abisuhan ng nobyo dahil na rin sa kasabikan nito sa napipintong pagdating ng kanilang kababata.

Muling sumigla si Amelia.

“O paano? Uuwi na muna ako sa amin, ha? Baka hanapin na ako ni Nanay, e. Hindi ako nagpaalam. Baka uutusan akong magpagiling ng malagkit, e,” paalam ni Delia.

Tumango si Amelia. Nakangiti.

Sinundot itong muli ni Delia sa tagiliran. “Huwag kang mag-isip nang kung anu-ano. Para sa akin, mas maganda ka pa rin kumpara kay Carmela Castillo!”

“Sipsip!” habol na salita ni Amelia sa malayo nang si Delia.